Department of Education

GOVERNMENT OF WESTERN AUSTRALIA

Shaping the future

# Kodigo ng Tamang Asal



# Mensahe mula sa Pangkalahatang Direktor

**Ang mga mag-aaral ang nasa sentro ng lahat ng aming ginagawa.**

Ang pagkakatiwala sa amin sa kanilang edukasyon at pangangalaga ay hindi lang isang pribilehiyo, kundi isang malaking responsibilidad. Nagtutulungan kami upang hubugin ang kinabukasan ng edukasyon sa Estado na ito, bawat isa ay mayroong parteng gagampanan sa pagbibigay-daan sa mga makabuluhang landas para sa lahat ng mag-aaral.

Upang makamit ito, hinahangad namin na lumikha ng kultura at mga kapaligiran sa trabaho na nagbibigay-daan sa amin upang matugunan ang mga pangangailangan at ambisyon ng aming mga mag-aaral. Mahalaga na lahat ng aming desisyon at galaw ay sumasalamin sa aming mga pinahahalagahan at pag-aasal.

Ang aming **Kodigo ng Tamang Asal** ay binuo sa aming mga ibinahaging pinahahalagahan: **Integridad**, **Pagkamakatarungan**, **Boses**, **Pagsasabi ng katotohanan**, **Pagtutulungan**, **Pag-aalaga**, at **Pag-aaral**; at ang aming mga pag-aasal sa lugar ng trabaho: **May Layunin**, **Konektado**, **Mataas na Pagganap**, at **Etikal na Pamumuno**.

Ang mga pinahahalagahan at pag-aasal na ito ay nasa sentro ng lahat ng aming ginagawa at bawat desisyon na aming gagawin.

Nagbibigay ang Kodigo ng pangkat ng pamantayan ("ang Mga Pamantayan") para sunding ng mga empleyado kapag gumagawa ng propesyonal o personal na mga desisyon. Aming indibidwal na responsibilidad na unawain at sundin ang Kodigo, ang mga Pamantayan at lahat ng kaugnay na patakaran at legal na obligasyon.

Inaasahan ang mga prinsipal at mga tagapamahala ng linya na gamitin ang Kodigo upang bumuo ng integridad at pananagutan, at humimok ng etikal at nakabatay sa pagpapahalaga na kultura.

Lisa Rodgers
Pangkalahatang Direktor



# Pagkilala

**Kinikilala at iginagalang namin ang tradisyonal na tagapag-alaga ng mga lupa at tubig kung saan nakatira at pinag-aaral ang aming mga mag-aaral sa buong Western Australia.**

Kinikilala at nauunawaan namin na ang mga Matatanda, magulang, pamilya at komunidad ay ang unang mga tagapagturo ng kanilang mga bata at kinikilala at pinahahalagahan namin ang mga kultura at lakas na dala ng mga batang Katutubo sa silid-aralan. Ang mga Katutubo ay may mahabang tradisyon ng pagtuturo at pag-aaral sa pamamagitan ng pagbahagi ng kanilang mga koneksyon sa bansa, komunidad, wika at kultura, at sa pamamagitan ng kanilang sinasabing mga kasaysayan, kuwento at karanasan na ipinapasa-pasa sa mga henerasyon.

Kinikilala at pinahahalagahan namin ang pag-aaral na dala ng mga batang Katutubo na mula sa kanilang mga tirahan at komunidad sa loob ng silid-aralan.

Ang salitang Katutubo ay binibigyang-kahulugan na Aborihinal, Aborihinal at Taga-isla ng Torres Strait, at Katutubo. Kapag tumutukoy sa mga indibidwal, gamitin ang terminong Katutubo.

# Pagkabatid

**Sa pagtatrabaho para sa Kagawaran, sumasang-ayon kaming tanggapin ang mga pinahahalagahan, sanayin ang mga pag-aasal at dapat naming matugunan ang mga Pamantayan ng Kodigo ng Tamang Asal na ito.**

Mahalaga na, bilang pampublikong opisyal, kumikilos kami sa paraang nakakatugon sa mga inaasahan ng komunidad at nagpapanatili ng tiwala ng publiko sa Kagawaran.

Bilang mga kinatawan ng Kagawaran, kasama ang lahat ng kontratista at boluntaryo, dapat naming tiyakin na ang aming mga kilos sa labas ng trabaho ay nagpapanatili sa integridad ng Kagawaran at hindi makakaapekto sa kakayahan na gampanan ang aming mga tungkulin.

Ang Kodigong ito ay inihanda at dapat basahin kasabay ng Instruksyon ng Komisyoner Blg. 7 – Kodigo ng Etika.


CC BY

# Aming mga pinahahalagahan

**Itinataguyod ng Kagawaran ang etikal na kasanayan at naaangkop na mga pamantayan ng pag-uugali at pag-aasal. Nakatuon kami sa mga kapaligiran ng pagtuturo, pag-aaral at pagtatrabaho kung saan lahat ng indibidwal ay tinatrato nang may paggalang at dignidad.**

Ang kilos ng mga kawani ay kailangang ginagabayan ng aming mga pinahahalagahan na sumasalamin sa mga responsibilidad sa lipunan na karapat-dapat sa mga mag-aaral, magulang at tagapag-alaga, komunidad, stakeholder at bawat isa.

Ang mga pagpapahalagang ito ay dapat binibigyan ng praktikal na ekspresyon sa pang-araw-araw na operasyon ng Kagawaran.



## Integridad
Naniniwala kami na ang mabuting edukasyon ang pundasyon kung saan ang lahat ay naninindigan. Hindi namin binabalewala ang responsibilidad na ito at nakakadama ng pribilehiyo na maging bahagi nito.

Kumikilos kami sa pinakamahusay na interes ng mga mag-aaral at ng komunidad sa lahat ng oras.

Kami ay may pananagutan at tapat at may matibay na etikal at moral na mga prinsipyo.

## Pagkamakatarungan
Kinikilala namin ang iba't ibang pangyayari, pangangailangan at mithiin ng mga mag-aaral at kawani.

Nagsusumikap kami para sa pag-aaral at mga kapaligiran sa trabaho na malaya sa pagtatangi ng lahi, diskriminasyon, pambu-bully, pang-aabuso o pagsasamantala.

Naniniwala kami sa mas maraming landas patungo sa tagumpay at ang aming layunin ay tulungan ang bawat bata na mahanap ang kanilang tagumpay.

## Boses
Nakikinig kami sa isa't isa at sa aming mga mag-aaral, pamilya, komunidad at stakeholder.

Hinihikayat namin ang tapat at magalang na ekspresyon ng mga ideya at pagkakaiba-iba ng pag-iisip.

Aming binibigyan ng kapangyarihan ang boses ng mga bata at kabataan upang maging katuwang sa kanilang edukasyon.

## Pagsasabi ng katotohanan
Tinitiyak namin ang pag-aaral tungkol sa magkakaibang kasaysayan, karanasan at pananaw sa mundo ng mga Katutubo.

Lumilikha kami ng mga kapaligiran sa pag-aaral at trabaho na ligtas ang kultura, at mga serbisyong tumutugon sa kultura, na malaya sa pagtatangi ng lahi at diskriminasyon.

## Pagtutulungan
Kami ay sumusuporta, nanghihikayat at nagbibigay-inspirasyon sa bawat isa at pinahahalagahan namin ang kontribusyon ng lahat.

Itinataguyod namin ang tiwala at pagiging kasama.

Kinikilala namin ang kahalagahan ng kolaborasyon upang matulungan ang mga mag-aaral na makamit ang kanilang pinakamahusay.

## Pag-aalaga
Ginagawa namin ang paggalang sa isa't isa at tinatanggap namin ang aming responsibilidad na bumuo at mapanatili ang naaangkop na mga relasyon.

Kami ay maasikaso at maalalahanin.

Nagsusumikap kaming panatilihing ligtas ang aming sarili, ang iba at ang aming mga mapagkukunan.

## Pag-aaral
Mayroon kaming positibong pamamaraan sa pag-aaral at hinihikayat namin ito sa iba.

Isinusulong namin ang pag-aaral ng mga mag-aaral base sa aming paniniwala na ang lahat ng mag-aaral ay may kapasidad na matuto.

CC BY

# Ang aming mga pag-aasal sa lugar ng trabaho

**May Layunin**
Inilalagay namin ang mga pangangailangan at ambisyon ng bawat mag-aaral sa sentro ng aming mga desisyon at galaw.

**Konektado**
Ikinokonekta namin ang aming pagkadalubhasa upang maghatid ng mga tumutugon na serbisyo.

**Mataas na Pagganap**
Kami ay sama-sama sa pagtatrabaho upang magawa ang buong trabaho at upang makamit ang pinakamahusay na resulta.

**Etikal na Pamumuno**
Isinasaalang-alang namin ang isa't isa para lumikha ng mga solusyon na nakakagawa ng pagkakaiba.

# Aming mga Pamantayan

## Nagbibigay ang Kodigo ng isang pangkat ng mga pamantayan upang gumabay sa amin sa aming pag-uugali bilang mga empleyado.

Dinisenyo ang mga pamantayan upang magbigay ng gabay kapag gagawa ng propesyonal o personal na desisyon. Maaari ding makaapekto sa aming propesyonal na katayuan ang mga desisyong ginawa sa konteksto ng aming mga pribadong buhay.

Responsibilidad namin na unawain at sundin ang mga Pamantayan at dapat sabay itong basahin sa lahat ng nauugnay na batas, patakaran at pamamaraan. Bilang karagdagan, kinakailangan naming gawin ang pagiging patas, walang kinikilingan at pagiging maagap sa aming paggawa ng desisyon.

**Umasal nang propesyonal at may integridad**
Kami ay tapat at mapagkakatiwalaan sa aming mga relasyon, at nagpapakita ng dignidad at integridad sa lahat ng oras, sa trabaho at sa komunidad.

**Lumikha ng pangkulturang kaligtasan**
Kami ay lumilikha at nagpapanatili ng mga kapaligiran sa trabaho at pag-aaral na ligtas at tumutugon sa kultura.

**Tanggapin ang pagkamakatarungan, pagkakaiba-iba at pagsasama**
Ipinagdiriwang at tinatanggap namin ang mga tao mula sa lahat ng pinagmulan at pinahahalagahan namin ang bawat tao bilang isang indibidwal.

**Panatilihin ang kaligtasan at kapakanan**
Pinapanatili namin ang kaligtasan at kapakanan ng aming mga sarili, aming mga mag-aaral, aming mga kasamahan at aming mga stakeholder.

**Panatilihin ang tumpak na mga rekord**
Kami ay mahigpit sa pagtatala, pamamahala at pagpapanatili ng impormasyon.

**Protektahan ang opisyal at kumpidensyal na impormasyon**
Ina-access at ginagamit namin ang opisyal at kumpidensyal na impormasyon para lamang sa mga awtorisadong layunin.

**Umasal nang matapat**
Kami ay tapat at makatotohanan sa aming mga pag-aasal at sinasabi namin ang mga pagkakataon na mapanlinlang at tiwaling pag-uugali.

**Gamitin ang pampublikong mapagkukunan nang responsable**
Ginagamit namin ang mga mapagkukunan ng Estado sa isang responsable at may pananagutang paraan.

**Pamahalaan ang mga regalo at benepisyo**
Sinusunod namin ang integridad at etika kapag tumatanggap o nag-aalok ng mga regalo at benepisyo.

**Ipahayag at pamahalaan ang mga salungatan ng interes**
Tinitiyak namin na ang aming mga personal o pribadong interes at pagkakaanib ay hindi sumasalungat, o lumilitaw na sumasalungat, sa aming mga pampublikong tungkulin.

**Magrekrut nang may pagkamakatarungan**
Sinusunod namin ang Mga Pamantayan sa Pagtatrabaho ng Komisyoner ng Pampublikong Sektor at ang mga patakaran, pamamaraan at alituntunin ng human resources ng Kagawaran.

**Gumawa ng may pananagutan na mga pagbili**
Nagsasagawa kami ng etikal, tapat at patas na mga aktibidad sa pagbili, at pinamamahalaan namin ang mga kontrata nang naaangkop.

# Pag-unawa sa maling pag-uugali

**Bilang mga empleyado, kinakailangan naming sundin ang Kodigo ng Tamang Asal ng Kagawaran at maging maingat sa Mga Pamantayan.**

Ang pag-aasal na hindi makakagawa nito ay maaaring magdala ng kasiraan sa Kagawaran, makakaapekto sa kredibilidad ng mga kawani sa trabaho o sa komunidad, at may masasamang epekto sa kaligtasan at kapakanan ng aming mga kasamahan at mga mag-aaral na nasa aming pangangalaga.

Ang mga kawani na hindi makatugon sa mga inaasahan na ito, ay maaaring lumalabag sa Kodigo at maaaring sumailalim sa proseso ng pormal na pagdidisiplina at pagkilos, hanggang sa at kasama na ang pagwawakas ng trabaho.

Ang paglabag sa Kodigo ng Tamang Asal ay maaari ding, sa partikular na mga pangyayari, magbigay ng mga aalahanin na may seryosong nagawang krimen.

## Pag-uulat sa pag-uugali ng mga kawani na hindi sumusunod sa aming Mga Pamantayan

Lahat tayo ay kailangang magsalita tungkol sa anumang hindi naaangkop, hindi propesyonal o labag sa batas na pag-aasal na nakikita o naririnig namin. Ang kilos na kailangan naming gawin ay mag-iiba-iba depende sa katangian at kalubhaan ng pag-aasal na aming nakita o naranasan. Gayunpaman, ang importanteng bagay ay **magsalita tayo**.

Kung hindi ka sigurado sa kilos na gagawin, o pakiramdam mo na hindi mo kayang lutasin ang hinaing o salungatan, sa propesyonal na paraan, sa pinakamaagang pagkakataon, direkta sa taong nasasangkot, dapat mong talakayin ito sa iyong prinsipal o tagapamahala ng linya, nang walang pag-aalala para sa kasiraan ng reputasyon o paghihiganti.

Kung hindi ito angkop sa sitwasyon mo, dapat gumawa ng ulat sa taong may mas mataas na katungkulan, o kung hindi iyon posible gumawa ng ulat direkta sa Mga Pamantayan at Integridad.

Ang mga kawani na nangangailangan ng karagdagang impormasyon tungkol sa Mga Pamantayan at kanilang suportang mga patakaran at access sa pagsasanay sa Pananagutan at Etikal na Paggawa ng Desisyon ay dapat sumangguni sa Ikon.

Kung mayroon kang anumang katanungan o nangangailangan ng karagdagang gabay sa anumang aspekto ng Kodigo at Mga Pamantayan, mangyaring makipag-ugnayan sa:

**Professional Standards and Conduct**
Department of Education
Level 2, 151 Royal Street
East Perth WA 6004
9264 4740
codeofconduct@education.wa.edu.au

**Linya ng Payo**
1800 655 985

**Linya sa Pag-uulat ng Mga Kolehiyong Residensyal**
1800 011 114

Shaping the future

TRIM Ref: D21/0297195
SCIS: 5357025

© Department of Education
Western Australia 2021

**Department of Education**
151 Royal Street
East Perth WA 6004
9264 4111
**education.wa.edu.au**

Makukuha ang materyal na ito sa paghiling sa naangkop na mga alternatibong format.